

**Umiiral at pinaplanong mga hakbang
sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi**

Rehistro Ng Mga Kumpanya

Ang Rehistro ng mga Kumpanya ("ang Rehistro") ay nagrerehistro ng mga lokal at mga kumpanya na hindi mula sa Hong Kong at statutory returns, at nagbibigay sa publiko ng mga serbisyo at pasilidad para sa pag-inspeksyon at pagkuha ng impormasyon ng kumpanya na nakatabi sa Rehistro ng mga Kumpanya. Pinangangasiwaan din namin ang paglilisensya para sa mga trust o kumpanyang tagapagbigay ng serbisyo at pinoproseso ang mga aplikasyon/pag-renew ng lisensya para sa mga nagpapahiram ng pera. Ang aming mga serbisyo ay ipinagkakaloob sa mga miyembro ng publiko nang pantay-pantay at patas anuman ang kanilang lahi.

Kaugnay na
Serbisyo

- Upang magbigay ng mga serbisyo sa inkorporasyon o pagpaparehistro ng mga lokal o kumpanya na hindi mula sa Hong Kong, limitadong pakikipagsosyo, limitadong pondo ng pakikipagsosyo, open-ended fund companies, trust companies at mga rehistradong trustees corporations at irehistro ang lahat ng dokumentasyong kinakailangan ng iba't ibang mga Ordinansa na namamahala sa mga kumpanya at iba pang entities.
- Upang magbigay sa mga miyembro ng publiko ng mga serbisyo upang maghanap ng impormasyon ng mga kumpanya at iba pang entities na hawak ng Rehistro.

- Upang matiyak ang pagsunod ng mga kumpanya at iba pang entities at ng kanilang mga opisyal sa kanilang mga obligasyon sa ilalim ng mga kaugnay na Ordinansa.
- Upang pangasiwaan ang paglilisensya para sa trust o mga kumpanyang service provider.
- Upang maproseso ang mga aplikasyon/pag-renew ng lisensya para sa mga nagpapahiram ng pera at mapanatili ang isang rehistro ng mga nagpapahiram ng pera para sa inspeksyon ng publiko.

Umiiral na
Hakbang

- Ang Rehistro ay gumagamit ng Tsino at Ingles (parehong nakasulat at pasalita) upang makipag-usap sa mga miyembro ng publiko at mga opisyal/kinatawan ng mga kumpanya at iba pang entities.
- Ang Rehistro ay naglalathala ng mga polyetos ng impormasyon, mga sirkular, mga alituntunin at iba pang mga materyales sa publisidad kabilang ang mga video sa parehong Tsino at Ingles.
- Ang nilalaman at mga materyales ng web portals at online platform ng Rehistro ay ipinakita sa parehong Tsino at Ingles.
- Ang serbisyo ng interpretasyon o pagsasalin ay isasaayos kung kinakailangan at kung naaangkop kapag nagbibigay ng mga serbisyo sa mga taong may iba't ibang lahi.

- Ang mga kawani, lalo na ang mga frontline staff at mga bagong rekrut, ay iniskedyul upang dumalo sa mga kurso sa pagsasanay na may kaugnayan sa pantay na pagkakataon at pagkakapantay-pantay ng lahi upang mapahusay ang kanilang kamalayan, at pagiging sensitibo sa pagkakapantay-pantay ng lahi, pag-unawa sa mga isyu na may kaugnayan sa lahi at kamalayan.
- Pagtatasa ng
Hinaharap na
Gawain
- Ang mga hakbang para sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi ay susuriin paminsan-minsan. Ang impormasyong nakolekta mula sa users ng serbisyo ng iba't ibang lahi ay isasaalang-alang sa pagsusuri.
 - Isasaalang-alang ang mga komento at mungkahi na natanggap mula sa mga miyembro ng publiko, kasama na ang mga taong mula sa iba't ibang lahi, at gagawin ang angkop na mga pagpapabuti.
- Mga
Karagdagang
Panukala na
Isinagawa/Isasaga
wa
- Ang Rehistro ay lumahok sa Internship Program para sa Hindi Etnikong Tsinong ("NEC") Mag-aaral ("Ang programa") na inorganisa ng Kawanihan ng Serbisyo Sibil sa nakaraan at patuloy na susuriin ang angkop na mga paglalagay sa internship sa tag-init para sa NEC na mga mag-aaral sa ilalim ng programa upang hayaan ang mga kabataang NECs na makakuha ng karanasan sa trabaho at palakasin ang kanilang pagiging mapagkumpitensya sa paghahanap ng trabaho.

Para sa mga katanungan tungkol sa umiiral at nakaplanong mga hakbang sa pagsulong ng pagkakapantay-pantay ng lahi, mangyaring makipag-ugnay kay Bb Maggie CHOW, Assistant Registry Manager (Mga Serbisyo sa Kustomer at Pamamahala)1, sa pamamagitan ng mga sumusunod na tsanel -

Telepono : 2867 4570
Fax no. : 2869 6817
Email : crenq@cr.gov.hk
Address Para sa : Companies Registry
Koreo 15/F, High Block, Queensway Government Offices
66 Queensway, Admiralty
Hong Kong

**Rehistro Ng Mga Kumpanya
Hunyo 2024**